


Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 3:

Pag-iisa-isa ng mga Argumento sa Binasang Teksto

Pagsusuri kung ang Pahayag ay Opinyon o Katotohanan



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikaanim na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 3:**

- **Pag-iisa-isa ng mga Argumento sa Binasang Teksto**
- **Pagsusuri kung ang Pahayag ay Opinyon o Katotohanan**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtulis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Ma. Luisa L. Garboso/Genalyn A. Tablatin
Editor:	Juliet P. Quezon
Tagasuri:	Juliet P. Quezon, Edwin Pameroyan, Roselyn C. Roldan Carmel Joy P. Aujero, Celestino S. Dalumpines IV, Antonette Espora
Tagaguhit:	Ednan Jamandre/Ana Mae P. Aujero
Tagalapat:	Jerry R. Baguios/Joy P. Nakamura, Leomel B. Ledda
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma, Cynthia G. Demavivas Elena P. Gonzaga, Federico P. Pillon, Jr. Juliet P. Quezon, Carmel Joy P. Aujero

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI

Department of Education – Region VI

Office Address: Duran Street, Iloilo City

Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653

E-mail Address: region6@deped.gov.ph

FILIPINO

Ikatlong Markahan – Modyul 3:

**Pag-iisa-isa ng mga Argumento sa
Binasang Teksto**

**Pagsusuri kung ang Pahayag ay Opinyon
o Katotohanan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta ka na?

Sa mga pangyayari ngayon sa ating komunidad, mahalagang makatuwiran tayo sa paggawa ng mga desisyon. Kailangan nating maging mapanuri.

Dinisenyo ang modyul na ito upang ikaw ay magkaroon ng kakayahang maging mapanuri sa mga argumento sa binasang teksto at magkaroon ng kakayahang makilala kung ang pahayag ay isang opinyon lamang o katotohanan. Kaya mo ito!

Pag natapos mo na ang modyul na ito, inaasahang:

- Naiisa-isa mo ang mga argumento sa binasang teksto **(F6PB-IIIe-23)**
- Nasusuri mo kung ang pahayag ay opinyon o katotohanan **(F6PB-IIIj-19)**



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sanaysay. Sagutin ang mga tanong pagkatapos nito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Saan mang panig ng mundo ngayon, ang pangunahing suliranin tungkol sa kalusugan ay ang pandemya na dulot ng Coronavirus o mas kilalang COVID-19. Milyon-milyong tao sa buong mundo ang naging biktima nito. Ano nga ba ang COVID-19 at saan ito nagmula? Ano-ano ang mga sintomas at komplikasyong dulot nito?

Ang coronaviruses ay pamilya ng mga virus na nagdudulot ng iba't ibang klaseng sakit. Maaaring ito ay maging karaniwang ubo't sipon lamang o magiging malulubhang impeksyon.

Unang naitala ang ilang kaso ng pneumonia sa Wuhan China noong ika-31 ng Disyembre 2019. Karaniwan, ang virus na ito ay makikita lamang sa mga hayop at hindi pa sa mga tao noon. Marahil dahil sa pagkain ng mga tao ng mga hilaw o hindi sapat na nalutong karne ng hayop kaya naipasa ang virus sa mga tao.

Ang pinakakaraniwang sintomas ng COVID-19 ay ubong may kasamang lagnat, panghihina, tuyong ubo at kahirapan sa paghinga. Kasama rin sa iba pang sintomas ang pagbara ng ilong, sakit ng ulo, conjunctivitis, namamagang lalamunan, pagtatae, pagkawala ng panlasa o amoy, pantal sa balat o pagkawala ng kulay ng mga daliri o daliri ng paa. Nakamamatay ang sakit na ito kaya ibayong pag-iingat ang dapat gawin upang ikaw ay hindi mahawa.

Mga tanong:

1. Tungkol saan ang binasang sanaysay?
2. Ano ang dahilan ng pandemya?
3. Ano-anong mga katotohanan ang ipinahayag sa binasa?

Aralin

1

Pag-iisa-isa ng mga Argumento sa Binasang Teksto

Pagsusuri kung ang Pahayag ay Opinyon o Katotohanan

Susi sa malinaw na pag-unawa sa binasang teksto ang pag-iisa-isa sa mga argumento nito at ang pagsusuri kung ang mga pahayag nito ay opinyon lamang o katotohanan.

Ang argumento ay ang paglalatag ng mga dahilan at ebidensya upang maging makatuwiran ang isang panig. Kinakailangan ang malalim na pananaliksik at talas ng pagsusuri sa proposisyon upang makapagbigay ng mahusay na argumento.



Balikan

Isa sa mga napapanahong paksa ngayon ay ang usapin tungkol sa pandemya ng COVID 19.

Ano-ano ang mga isyu o suliraning may kaugnayan dito?

Panuto: Piliin ang iyong sagot sa loob ng kahon. Isulat ang titik lamang ng wastong sagot sa iyong sagutang papel.

- A. Nagka-ubusan ng *face mask* sa mga unang buwan ng pandemya.
- B. Marami ang nawalan ng trabaho sa pagsasara ng mga industriya.
- C. Nalutas ang problema sa trapiko dahil madalang ang sasakyan.
- D. Naantala ang pag-uwi ng mga *overseas contract workers* sa kanilang mga probinsiya.
- E. Nabawasan ang kriminalidad sa panahon ng *enhanced community quarantine* at *general community quarantine*.



Tuklasin

Panuto: Basahing mabuti ang sanaysay tungkol mga suliraning dulot ng pandemya.

Ang mabilis na pagkalat ng sakit sanhi ng coronavirus ay nagdulot ng malaking dagok sa kalusugan at buhay ng mga tao. Walang pinipiling dapuan ang virus na ito. Bata man o matanda, mahirap man o mayaman ay maaring mahawa nito. Maraming suliranin ang idinulot ng coronavirus sa mga tao. Naging banta ito sa kalusugan lalo na sa mga bata at matatanda. Maaring mamatay ang dapuan ng virus lalong lalo na kapag mahina ang “immune system” ng isang tao.

Noong Marso 15, 2020 nag-umpisang ipatupad ng pamahalaan ang Community Quarantine dito sa Pilipinas sa pangambang maaaring lumobo ang bilang ng mga apektado. Simula rin ito ng maraming suliraning dinaranas ng mga Pilipino.

Hindi lamang buhay at kulusugan ang apektado ng COVID-19 kundi maging ang ekonomiya ng bansa. Dahil sa pagkalugi ng mga negosyo, maraming kompanya at pabrika ang nagsara kaya maraming Pilipino ang nawalan ng trabaho at naghirap.

Ang pagsuspende ng biyahe ng mga eroplano at sasakyang pandagat ang naging dahilan ng pagkaantala ng pag-uwi mga *overseas contract workers* sa kanilang mga probinsya.

Mga tanong:

Ano-anong mga argumento ang nakita mo sa talata? Punan ng tamang sagot ang talaan ng impormasyon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Mga suliraning nabanggit dahil sa pandemya	Mga dahilan ng suliranin
1.	
2.	
3.	



Suriin

Alam mo ba kung ano ang argumento? Ang argumento ay ang paglalahad ng mga dahilan at ebidensya upang maging makatuwiran ang isang panig. Kinakailangan ang malalim na pananaliksik at talas ng pagsusuri sa proposisyon upang makapagbigay ng mahusay na argumento. Proposisyon ang tawag sa mga pahayag o argumento tungkol sa isang paksa. Sa pagpapahayag ng mga argumento, nagagamit natin ang ating mga opinyon batay sa ating paniniwala o karanasan na maaaring makaantig sa iba. May mga pahayag namang talagang makatotohanan dahil ito ay napatunayan na ng nakararami. Ngunit anupaman, kailangan din nating matukoy kung aling pahayag sa argumento ang opinyon o katotohanan.

Nasagutan mo ba ang gawain sa bahaging Tuklasin? Magaling!

Ang mga dahilan at ebidensyang inyong sinulat ay tinatawag na **argumento**.

Ito ay isang elemento ng pangangatwiran. Ito ay ang paglalatag **ng mga dahilan o ebidensya** upang maging makatuwiran ang isang panig.

Ang bawat pahayag ay may dalawang uri: opinyon o katotohanan. Ang **opinyon** ay mga pahayag ayon sa paniniwala o ideya ng isa o iilang tao lamang batay sa kanilang karanasan o napapansin sa mga bagay at mga pangyayari sa paligid na hindi pa lubusang napatunayan at walang mabigat na pruwera o ebidensya.

Samantalang ang **katotohanan** ay mga tunay na kaganapan, bagay at kaalaman na napatunayan na ng nakararami o ng siyensya. Ito ay masusing pinag-aralan at napatunayan ng mga propesyunal at mga eksperto na may mabigat na pruwera.



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Basahing mabuti ang mga talata. Isa-isahin ang mga argumentong makikita sa teksto. Kopyahin sa iyong sagutang papel at salungguhitan ang mga dahilan o ebidensya. Isulat sa sagutang papel kung ang mga ito ay **opinyon** o **katotohanan**.

_____ 1. Marami ang naghihirap sa buhay. Katunayan, may mga pamilyang isang beses lang kung kumain sa maghapon. Maraming hindi malaman kung saan nila kukunin ang susunod na kakainin.

_____ 2. Dahil sa kahirapan ng buhay kaya maraming nangyayaring krimen. Ang kahirapan ang isa sa mga ugat kaya may nangyayaring pagnanakaw.

_____ 3. Kilala ang mga Pilipino sa galing sa musika. May mga mang-aawit at manunugtog na Pilipino sa iba't ibang panig ng daigdig, at marami sa kanila ang naging tanyag at nagtagumpay.

_____ 4. Ayon sa mga manghuhula o *psychic*, malapit nang magunaw ang mundo. Maraming senyales ang nangyayari sa ngayon gaya ng pagbaha, paglindol ng malakas, paglaganap ng sakit, pagputok ng bulkan at pagkagutom ng maraming tao.

_____ 5. Talagang napakahusay ng Pilipino sa musika. Kahit dahon ng halaman ay nagagawang instrumento, gaya ng ginawa ni Levi Celerio, na isang tunay na maestro sa musika.

Gawain 2

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Isa-isahin ang tekstong nagtataglay ng mga argumento. Isulat ang √ sa sagutang papel kung ang pahayag ay **katotohanan** at X kung **opinyon**.

_____ 1. Ang Pilipinas ay paunlad nang paunlad. Patunay nito ay ang dumaraming kabuhayan sa buong bansa at ang mga magandang pagbabago.

_____ 2. Pinaparusahan na ng Panginoon ang mga tao sa kanilang kasalanan. Nagpapadala Siya ng maraming kalamidad upang bawiin ang buhay ng

nakararami. Hinahayaan niyang lumaganap ang mga sakit at pandemya para maipamulat sa mga tao ang kanilang kasalanan.

- _____ 3. Ayon sa kasaysayan, Si Hen. Douglas MacArthur ay umalis ng Pilipinas upang pamunuan ang Southwestern Pacific noong Marso 17, 1942. Ipinahayag niya sa kanyang pag-alis ang mga katagang “I shall return”.
- _____ 4. Kung minsan ay nagiging tagapagwasak tayo ng kalikasan sa halip na tagapangalaga. Kaya nararanasan na natin ang ganti ng kalikasan. Umiinit na ang panahon dahil sa kawalan ng lilim ng mga puno at pagkasira ng ozone layer.
- _____ 5. Ayon sa mga nanay, ang karamihan ay hindi pa handa sa pagbukas ng klase. Maraming mga magulang ang nag-aalinlangan na papag-aralin ang kanilang mga anak dahil sa takot na mahawa ang mga ito ng COVID-19. Ang iba naman ay hindi pa handa sa bagong *modality* ng pag-aaral dahil wala silang *gadget* at *internet connection*.

Gawain 3

Panuto: Basahin ang sanaysay at isa-isahin ang mga argumentong ginamit. Magsulat ng limang mga dahilan o patunay. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Kalikasan Ating Mahalin at Alagaan

Ni Luisa L. Garboso

Dapat nga bang mahalín at alagaan ang ating kalikasan?

Ang kalikasan ay biyayang bigay sa atin ng Maykapal. Ang mga anyong tubig at lupa na puno ng mga likas na yaman tulad ng mga halaman, bungangkahoy, hayop, isda at iba pang mga nilalang ay handog sa atin ng Diyos na dapat nating mahalín at alagaan.

Ngunit sa ngayon, para bang ating nakalimutang alagaan ang mga ito dahil sa pansarili nating kapakanan. Unti-unti nang nakakalbo ang ating kagubatan, ang mga hayop ay nawalan na ng kanilang mga tahanan. Ang mga basura ay nakakalat na lamang kung saan saan. Ang matinding pagbaha, pagguho ng lupa at iba pang sakuna ay resulta ng ating pagpapabaya sa kalikasan. Kakaunti na lamang ang mga puno na dapat sana ay magsisipsip ng tubig ulan at maruming hangin. Naging mas mainit ang panahon dahil sa namuong *carbon dioxide* sa kalawakan. Kung manatili tayong walang pakialam sa kalikasan. Paano na lang kaya ang ating kinabukasan?

Mga dahilan o patunay na dapat nating mahalín ang kalikasan.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.



Isaisip

Tiyak, alam mo na kung ano ang argumento at kaya mong sagutin ang sumusunod.

Panuto: Punan ang patlang ng angkop na mga salita upang mabuo ang diwa ng talata. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Ang argumento ay isang 1. _____ ng pangangatwiran. Ito ay ang paglalata 2. _____ o _____ upang maging makatwiran ang isang panig.

Ang bawat pahayag ay may dalawang uri: opinyon o katotohanan. Ang 3. _____ ay mga pahayag ayon sa paniniwala o ideya ng isa o iilang tao lamang batay sa kanilang karanasan o napapansin sa mga bagay at mga pangyayari sa paligid na hindi pa lubusang napatunayan at walang mabigat na pruweba. Maaaring gamitan ang mga pahayag na ito ng: ayon kay/kina, para kay/kina at sa paniniwala ni/nina.

Halimbawa: Ayon sa albularyo, kinulam daw ang nanay ni Mona kaya ito nagwawala tuwing alas dose ng gabi.

Samantalang ang 4. _____ ay mga tunay na kaganapan, bagay at kaalaman na napatunayan na ng nakararami o ng siyensya. Ito ay masusing pinag-aralan at napatunayan ng mga propesyunal at mga eksperto batay sa mabibigat na pruweba.

Halimbawa: Ayon sa pag-aaral ng WHO, ang COVID-19 ay isang uri ng *virus* na madaling nakahahawa at maaaring makamamatay.



Isagawa

Panuto: Basahin ang sumusunod na mga kalagayan. Suriin ang teksto at isulat ang kung ang pahayag ay **katotohanan** at kung **opinyon**. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel

- _____ 1. Mas mahalaga ang kalusugan kaysa sa kayamanan, isang katunayan ayon sa salawikaing “ang kalusugan ay kayamanan.” Hindi magiging produktibo ang isang tao kapag siya ay sakitin.
- _____ 2. Ang droga ay nakasisira sa kinabukasan ng mga kabataan. Maraming mga kabataan ngayon ang hindi nakapagtapos ng pag-aaral at walang maayos na trabaho dahil nalulong sa droga.

- _____ 3. Mahalaga ang kagandahan dahil ito ang batayan sa ating lipunan. Ang magaganda ay maraming kaibigan at tagahanga. Kagandahan din ang isa sa batayan kapag naghahanap ng trabaho.
- _____ 4. Dapat lamang na ipatupad ang programang K-12 dahil ang Pilipinas na lang ang tanging bansa sa Asya na 10 taon lamang ang taon ng pag-aaral ng *basic education*. Marami sa mga propesyunal nating mga kababayan na nagtatrabaho sa ibang bansa ang muli pang nag-aaral para makumpleto ang hinihinging kwalipikasyon sa kanila sa edukasyon.
- _____ 5. Isa si Lea Salonga sa mga tanyag na Pilipinong naging matagumpay sa larangan ng musika. Katunayan siya ay napabilang sa “Miss Saigon”, at iba pang pagtatanghal sa labas ng ating bansa.



Tayahin

A. **Panuto:** Basahing mabuti ang bawat bilang. Isa-isahin ang mga argumentong makikita sa teksto. Kopyahin ang mga dahilan o ebidensya. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ayon sa mga eksperto ang coronavirus ay isang malaking pamilya ng virus na maaaring magdulot ng sakit mula sa karaniwang sipon hanggang sa mas malubhang sakit tulad ng COVID-19.
2. Ang ating mga ninuno ay sanay mangaral sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng salawikain. May mga salawikain sila para sa pagtitipid, pag-iimpok, pagiging matapat, pagiging masipag, mabuti pakikisama at lahat na ng mabuting pagpapahalaga.
3. Ngayon ay nararanasan na natin ang ganti ng kalikasan. Umiinit na ang panahon dahil sa kawalan ng lilim ng mga puno. Natutuyo na rin ang mga sapa at ilog.
4. Noong Enero 2, 1942, bago pa bumagsak ang Bataan at Corregidor, matagumpay na nasakop ng mga Hapon ang Maynila at naitatag ang pamahalaang militar ng Japan.
5. Maraming kariktang ibinigay ang Dakilang Maykapal sa ating kapuluan. Pinatutunayan ito ng ating maganda at kahanga-hangang mga tanawin.

B. **Panuto:** Tukuyin kung ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang **OP** kung ito ay **opinyon** at **KA** naman kung **katotohanan**. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- _____ 6. Ang mga Pilipino ay likas na magalang, masipag at mapagmahal.
- _____ 7. Hindi mabuti sa katawan ang paggamit ng mga gamot na nabibili sa botika.
- _____ 8. Ang pagharap sa mga hamon ng buhay ay dapat nating samahan ng katatagan at pananalig sa Panginoon.

- ___ 9. Hindi hadlang ang kahirapan sa pagtulong sa ating mga kababayang nasalanta ng bagyo at baha.
- ___ 10. Impossible ang edukasyon sa panahon ng pandemya kapag walang *gadget* at *internet connection*.



Karagdagang Gawain

Panuto: Basahing mabuti ang sanaysay. Kopyahin ang mga argumento na makikita sa teksto at isulat sa iyong sagutang papel. Sumulat ng 2 pahayag na opinyon at 3 katotohanan ayon sa nabasang teksto.

Edukasyon sa Panahon ng Pandemya

Sa kabila ng hirap na dinaranas natin ngayong may pandemya, hindi pa rin natin maisasantabi ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa edukasyon. Maihahatid nga ba sa mga mag-aaral ang nararapat na aralin gayong mahigpit na ipinagbabawal ang mga bata sa pagpasok sa mga paaralan?

May mga paraan upang ipagpatuloy ang pagkatuto ng mga bata kahit na hindi sila pormal na makapasok sa paaralan. Isa na rito ang pagkatutong modyular na siyang ginagamit ng karamihan. Mayroong pagkatuto gamit ang radyo at telebisyon. Sa mga may koneksiyon sa internet ay maaaring mag “online learning”.

Anumang uri ng pagkatuto ang mahalaga ay maipagpatuloy ang edukasyon ng mga mag-aaral sa gitna ng pandemya.



Tala para sa Guro

Iwawasto ng guro ang posibleng sagot ng mag-aaral.



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN

1. COVID 19
2. Dahil sa virus(corona)
3. Iba iba ang kasagutan

BALIKAN
A, B, D

TUKLASIN

Mga suliraning inilatag

Mga dahilan	suliraning nabanggit
Nakamamatay sa kalusugan	1. suliranin sa kumalat ang sakit
Pagkaantala sa edukasyon	2. suliranin sa ng pasukan
Maraming nagсарang kompanya/pabrika	3. suliranin sa ekonomiya

Pagyaananin

Gawain 1
1. Katotohanan
2. Opinyon
3. Katotohanan
4. Opinyon
5. Katotohanan

Gawain 2
1. X 2. X 3. ✓ 4. ✓ 5. X

Gawain 3
1-5 Iba-iba ang kasagutan

Isaisip

1. elemento
2. dahilan o ebidensya
3. opinyon
4. katotohanan

Isagawa

1. ✓
2. ✓
3. X
4. X
5. ✓

Tayahin

A: 1-5 Ang guro ang magwawasto.

B:

6. KA
7. OP
8. KA
9. KA
10. OP

Karagdagang Gawain

Ang guro ang magwawasto.

Mga Sanggunian

Banghay Aralin sa Filipino, Ikaanim na Baitang, Unang Bahagi, Sangay ng Negros Occidental. (n.d.). pp. 268-269

Nazario, Archie. (2018). Tekstong Argumento

https://1.messenger.com/l.php?u=https%3A%2F%2Fyoutube.com%2Fwatch%3Fv%3D8Ioj7zb1G7A%26feature%3Dshare&h=AT0wV6jwP5O5J42hIg-RgYLR1gSj_WFugDVobWPq4ukvYu8nflfWnxiBtW0mIwU7ew5UkqFTNN9_uXRy7OfkMQ--Ho4ElevDwWVsxjV0lYCLMr1k_9-ULS8KpbU5ehcl7oJJ_Q

Olivarez, Ranchez, Reyes. (2017). *Lesson Plan in Filipino 5*, pp. 472-473

Olivarez, Reyes, Aragon. (2018). *Lesson Plan in Filipino 6*, p. 489

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph